

Suhay

Seremonya ng Pagbubukas

Birtuwal na Seremonya
14 Hunyo 2021, ika-6 n.g.

Mga Kikilalanin na Organisasyon na

Act as One PH

Department of Industrial Engineering
and Operations Research (DIEOR)

DZUP

KapiLingg Language Lessons

Kolehiyo ng Inhenyeriya

Language Warriors PH (LWPH)

Lingkod at Ugnayan ng Pangangailangan (LinkUP)

Lopez Group Foundation, Inc.

MTM Students and Alumni Volunteer Group

Office of Service-Learning, Outreach, and Pahinungod
(OSLO-Pahinungod)

Pantawid para sa mga Naghahatid

Tumulong sa Panahon ng Pandemya

Reading, Early Grades, Arts and Language Education

(REGALE) Cluster of the College of Education

University of the Philippines Variates

UP Beta Epsilon Fraternity

UP College of Education Student Council

UP College of Human Kinetics Student Council

UP Engineering Research and Development Foundation Inc.

(UPERDFI)

UP Health Service

UP School of Statistics Student Council

UPD Ugnayan ng Pahinungod

USC IskoOps





Act as One PH

Ang Act as One PH ay isang civic organization na pinamumunuan ng mga propesyonal na nakapagtapos ng pag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas. Binuo nila ang organisasyong ito bilang pagtugon sa paghingi ng tulong ng mga frontliner simula nang mag-lockdown ang Metro Manila noong Marso 2020. Tumugon din sila sa mga pangangailangan lalo na ng mga mahihirap na Pilipino sa loob at labas ng Metro Manila.

Sa pamamagitan ng mga pangunahing miyembro, gaya nina Engr. Mars Arias at Atty. Jackie Cruz, agad na napadalhan ang University Health Service ng mahahalagang materyal gaya ng mga personal protective equipment, alcohol at iba't ibang medical supply. Nakapagpadala rin sila ng mga pagkain at supply para sa mga estudyante at empleyado na hindi nakauwi agad sa kani-kanilang mga probinsiya at naabutan sa kampus ng lockdown.


Naging instrumental ang Act as One PH sa pagsisimula ng dalawang mahahalagang pasilidad sa UP Diliman Campus na makakatulong sa paglaban sa COVID-19 – ang NISMED Facility for Health Workers at ang Kanlungang Palma. Ito ay sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga tao, pagpadadala ng mga pangunahing materyal (gaya ng kama at washing machine), at pagkukumpuni (gaya ng paglalagay ng mga tabing at tents sa loob at labas ng gusali).

UP Department of Industrial Engineering and Operations Research (DIEOR)

Nilikha ng UP Diliman College of Engineering Department of Industrial Engineering and Operations Research (DIEOR) ang ieHEALS (Integrated Emergency Healthcare System), isang pinagsamang sistema ng pamamahala sa kalusugan kabilang ang software application na ginagamit upang tumulong sa low-risk at sistematikong pagdaloy o paggalaw ng mga pasyente, mga kawaning nangangalaga ng kalusugan, at mga supply sa loob ng mga ospital at sa COVID-19 Referral Centers. Kabilang sa mga benepisyaryong ospital nito ay ang UP-Philippine General Hospital (PGH) at ang Cagayan Valley Medical Center.

Ang Departamento ay partikular na tumulong sa Outpatient Department ng PGH sa pagbuo ng online na sistema sa pagkuha ng appointment sa pagpapakonsulta na tinatawag na Online Consultation Requests and Appointment System (OCRA) noong Mayo 2020.

Noong Agosto 2020, ang mga fakulti ng DIEOR ay inatasang maging pangunahing dulugan upang ilipat ang System tungo sa PGH servers. Pagkatapos ay patuloy nilang ibinibigay ang technical support (hal. kung paano aayusin ang mga isyu at test errors) sa mga gumagamit nito sa PGH. Sa kasalukuyan, ang OCRA ay isang sistemang ginagamit ng maraming pasyente upang maging mas maayos ang pagpapa-iskedyul ng appointment para sa konsultasyon sa kanilang mga doktor ngayong pandemya.





DZUP

Ang komunidad ng DZUP ay binubuo ng mga eksperto mula sa iba't ibang disiplina at interes na naglilingkod para sa iba't ibang tinig sa loob at labas ng UP.

Bilang isang di-pangkomersiyal na istasyon, bumuo ang DZUP ng isang estratehiyang programa na kabilang sa komunidad ng UP ang mga producer na ang kadalubhasaan at kaalaman ay ibinabahagi sa mga angkop na madla — ng libre at para sa interes ng mga target at maraming publiko nito. Ang mga tinig ng mga kilalang akademiko, abogado, doktor, siyentista, alagad ng sining, sosyo-analitiko, at iba pang mga eksperto sa bansa, ay napakinggan ng publiko sa pamamagitan ng istasyon ng radyo na DZUP 1602.

Sa kabila ng enhanced community quarantine dulot ng pandemyang COVID-19, ipinagpatuloy ng DZUP ang pag-eere ng mga programa, post at stream sa paraang online. Iniangkop nito ang isang espesyal na format ng programa na nakatuon sa pagbibigay ng balita, impormasyon, at mga inisyatiba ng iba't ibang mga opisina at kolehiyo ng Unibersidad na ibinabahagi ang kanilang kadalubhasaan upang makatulong sa laban kontra COVID-19. Mula Abril hanggang Hunyo 2020, ipinalabas ng istasyon ang programa sa radyo na DZUP Kapit Diliman, na kalaunan ay tinawag na DZUP Tatag UP, na ginawa kasama ng UP Diliman Information Office at ng UP Diliman Task Force COVID-19.

KapiLing Language Lessons

Ang KapiLing Language Lessons (KapiLing) ay isang samahang binubuo ng mga boluntaryong mag-aaral at alumni ng Departamento ng Linggwistiks mula sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP). Ito ay naglalayong makapagbigay ng tulong-pinansyal sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng pagtuturo ng iba't ibang wika.


Mula Agosto 2020 hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na nagsasagawa ang KapiLing ng online classes para sa mga wikang Hapon, Koreyano, Mandarin, Bahasa Indonesia/Malaysia at Espanyol. Ang mga instruktur para sa mga nasabing wika ay mga boluntaryong mag-aaral at alumni ng Unibersidad.

Karagdagan sa mga klaseng isinasagawa ng KapiLing ay ang pagbubukas ng donation drives para sa mga indibidwal na nais lamang magpaabot ng kanilang tulong.

Malaking bahagi ng nalikom ay itinuon sa mga pangangailangang pinansyal ng mga mag-aaral at alumni ng Departamento ng Linggwistiks. Kabilang dito ang pagbibigay-suporta sa pagpapagamot ng ilang tinamaan ng COVID-19, pagbibigay ng internet at gadget subsidies sa mga kasalukuyang mag-aaral ng Departamento, at pag-abot ng tulong-pinansyal para sa ilang mag-aaral na namatayan sa panahong ito.

Nakapaglaan din ang grupo ng tulong para sa mga nasalanta ng Bagyong Ulysses. Nakibahagi ang KapiLing sa IskoOps at Lingap KAPP sa pamamagitan ng pagbibigay ng relief goods sa parehong relief efforts at pagboboluntaryo ng ilang mga kasapi sa pagre-repack.





Kolehiyo ng Inhenyeriya

Sa pamumuno ni Dean Ferdinand G. Manegdeg, kasama ang College Executive Board, binuo ng UP College of Engineering (COE) ang COVID-19 Response Team bilang tugon sa matinding bigwas ng pandemya sa lipunan noong 2020.

Ang mga solusyong inhinyero ay naisakatuparan mula sa nagkaisang kakayahan ng Kolehiyo, at sa suporta ng UP Engineering Research and Development Foundation Inc. (UPERDFI) at UP Alumni Engineers (UPAE) na nagbahagi ng tulong-pinansyal sa mga proyekto.

Ang mga proyekto ng Kolehiyo ay ang: 3D printing solutions para sa mga frontliner; tracking high risk individuals; disinfection of PPE via UV light exposure; disinfection and decontamination through plasma cleaning; ChlorGen: On-Site Hypochlorite Disinfectant Generation Using Brine Water Electrolysis; design and prototyping of a powered air-purifying respirator; revitalization of non-functioning UP-PGH ventilator systems; prototype adult ventilator; identification of potential drug candidates for the SARS-CoV-2 using structure based drug discovery; tool kit for quick estimation of COVID-19 infectives; ieHEALS (Integrated Emergency Healthcare System); UP Supply Chain COVID-19 Response Task Force, at COVID-19 Response Bike Drive through UP Bike Share Project.

Bukod sa mga nabanggit na proyekto ay inilunsad din ng Kolehiyo ang Laptop Donation Drive para sa remote learning ng kanilang mga estudyante.

Language Warriors PH

Ang Language Warriors PH ay isang online na inisyatiba ng UP Departamento ng Linggwistiks na naglalayong pag-ugnayin ang mga tagapagsalin at aktibista ng wika, at mga taong interesado na kasalukuyang isinasalin ang mga materyal patungkol sa pandemyang COVID-19 sa iba't ibang wika sa Pilipinas.

Nagsimula ito dahil sa pangangailangang maiparating ang mga mahahalagang pampublikong impormasyong pangkalusugan kaugnay sa COVID-19 sa wikang magagamit at mauunawaan ng mga tao. Karamihan sa mga materyales na binuo ng mga lokal at pambansang pamahalaan ay nakasulat lamang sa Ingles at Filipino, at ang mga impormasyon ay hindi madaling mauunawaan ng mga taong hindi ginagamit o nauunawaan ang mga wikang ito.

Upang matugunan ang isyung ito, ilang mga tagapagsalin sa mga komunidad ang nagboluntaryo upang simulan ang pagsasalin ng mga materyales na ito sa kanilang wika, partikular noong unang buwan ng community quarantine.

Ang Language Warriors PH ay nagsilbing espasyo para sa mga tagapagsalin upang makipagtalastasan sa isa't isa, magbahagi ng mga nagawa at sanggunian, magtanong sa ibang mga tagapagsalin na tumulong sa produksyon ng mga materyales, at makibalita sa pangkalahatang mga kalakaran sa mga materyal na ginawa.

Sa kasalukuyan, ang Language Warriors PH ay nakalikha ng repositoryo ng mga materyales tungkol sa COVID-19 na gawa ng mga lokal na komunidad sa Pilipinas.





LinkUP

Ang Lingkod at Ugnayan ng Pangangailangan (LinkUP) ay kinikilala ng Unibersidad bilang isang organisasyong nagkakawanggawa na nakabase sa UP Diliman (UPD). Ito ay itinatag noong Hunyo 4, 2020 ng 11 mag-aaral ng UPD. Napagtanto ng mga tagapagtatag nito na maraming mga mag-aaral at alumni ng UPD ang masigasig at handang tumulong sa komunidad ng UPD ngayong panahon ng pandemya ngunit hindi alam kung papaano sila makakatulong. Naisip ng mga tagapagtatag nito na magkaroon ng paraan upang ang mga mag-aaral at alumni ng UPD ay makatulong sa mga pangunahing pangangailangan ng mga kapus-palad na sektor ng Unibersidad sa panahon ng pandemya. Mula sa 11 kasapi, ang organisasyon ay mayroon ng 56 na kasapi mula sa iba't ibang kolehiyo at organisasyon ng Unibersidad, at kasalukuyan pang dumarami.

Mula Mayo hanggang Disyembre 2020 ay tatlong sektor ng komunidad ng UPD ang natulungan ng LinkUP. Ito ay ang mga student dormer, mga kawani at mga drayber ng diyipni. Ang ilan sa kanilang mga naging proyekto ay ang Dormers Drive Week, Para Po! Parts 1 and 2, at ang Typhoon Relief Operations.

Lopez Group Foundation, Inc.

Malaking tulong ang naipaabot ng Lopez Group Foundation, Inc. (LGFI) sa Unibersidad. Isa na rito ay ang pagbibigay ng food assistance sa mga kawani, guwardiya at utility worker ng UP Diliman (UPD).

Sa pakikipag-ugnayan ng LGFI sa All UP Workers Union ay naiparating ang mga donasyon nitong iba't ibang tinapay sa mga kawani ng University Health Service, Campus Maintenance Office, Accounting Office, Budget Office, at mga naka-quarantine sa Silungang Molave. Kasama rin sa mga nabigyan ang ilang guards at utility workers ng UPD.

Natulungan din ng LGFI ay ang mga drayber ng UP Ikot na lubhang naapektuhan ng enhanced community quarantine noong isang taon. Noong Hunyo 2020, lumapit ang UP Ikot Jeepney Drivers and Operators Association sa LGFI upang humingi ng tulong dahil sa kawalan ng biyahe sa loob ng tatlong buwan.

Mula Hunyo 2020 hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang suportang ipinamamahagi ng LGFI tulad ng mga tinapay, hygiene kits at cooked food packs. Nagbigay rin ito ng thermal guns upang matugunan ng mga drayber ang usapin sa kaligtasan ng mga pasahero. Nakipag-ugnayan din ang LGFI sa Lungsod ng Marikina upang makakuha ng libreng COVID-19 Rapid Test ang mga drayber bilang paghahanda sa balik-pasada. Noong Oktubre 2020, namigay naman ito ng ayudang mga tablet para sa mga anak ng mga nangangailangang drayber.



Suhay: Seremonya Linggo ng Pa

Birtuwal na
14 Hunyo 20

Pambansang Awit

Jenny and Jeff Guitar Duo

Pambungad na Sayaw

“Sundown”

Koryograpiya at sayaw ni GIA GEQUINTO

kasama ang

Jenny and Jeff Guitar Duo

at si TONY MAIGUE

Pambungad na Bati

Prop. FIDEL R. NEMENZO, DSc

Tsanselor, Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pagkilala sa mga Organisasyong Tumulong sa UP Diliman sa Panahon ng Pandemya

Pangangasiwaan nina

Prop. ALELI B. BAWAGAN, PhD

Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangkomunidad

at

Tsanselor FIDEL R. NEMENZO

ara ng Pagbubukas Parangal 2021

Seremonya
21, ika-6 n.g.

Natatanging Bilang

“Dinamayan Mo Ako”

sa interpretasyon ni
Bb. COOKY CHUA

kasama ang
Jenny and Jeff Guitar Duo

Pagpapakilala sa mga Gawad Tsanselor 2021

Prop. MA. THERESA T. PAYONGAYONG, PhD
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko
at Tagapangulo, Pangkalahatang Komite ng Linggo ng Parangal 2021

Mensahe

Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangkomunidad
ALELI B. BAWAGAN

Natatanging Bilang

“Unahin Ko Kayo”

sa interpretasyon ni
Bb. COOKY CHUA

kasama ang
Jeff and Jenny Guitar Duo

UP Naming Mahal

Jenny and Jeff Guitar Duo



MTM Students and Alumni Volunteer Group

Bilang tugon sa mga apila na matulungan ang 200 mag-aaral ng UP Diliman (UPD) na naninirahan sa mga dormitoryo at boarding house at hindi nakauwi sa kani-kanilang mga tahanan dahil sa mga community quarantine, nagkaisa ang mga mag-aaral ng Master in Technology Management (MTM) Batch 2017 ng Technology Management Center, upang magsagawa ng inisyatibang tinaguriang “Sagip Kapwa UP through BBOM Food Drive.” Ang BBOM ay ang “Banana-Bread-Oatmeal and sealed Fresh Milk” na sa pang-unawa ng mga kasapi ng MTM Batch 2017 ay mahalaga upang palakasin ang immune system.

Noong Abril 13, 2020 ay binuo ni Ma. Rovi Moronia, tagapangulo ng proyektong BBOM food drive, ang pangkat upang makipag-ugnayan sa UP MTM Batch 2017 sa pamamagitan ng kanilang closed group sa social media upang manawagan para sa mga donasyon. Ang pangkat ay binubuo ni Moronia at kanyang mga kamag-aral na sina Cynthia Maitim-Bihis, Melanie Manaois-Molina, Marsha Lee Delfinado at JC Torreda. Sa gabay ni Prop. Edison Cruz, tagapangulo ng TMC, at sa pakikipag-ugnayan kay Prof. Glen Imbang, ay nakagawa ng mobile digital finance ang grupo at sa pamamagitan ng mobile digital transfer ay nakalikom ng P66,650.00 upang maisagawa ang BBOM food drive.

Noong Abril 17, 2020 ay nakapagbigay ng BBOM food packs ang grupo sa 230 mag-aaral at 70 frontliners ng UPD.

Office of Service-Learning, Outreach, and Pahinungod (OSLO-Pahinungod)

Ang Office of Service-Learning, Outreach, and Pahinungod, o OSLO-Pahinungod, ay opisina nasa ilalim ng pangangalaga ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP). Naglalayon itong magbigay ng iba’t ibang serbisyong pangkomunidad sa loob at labas ng Kolehiyo. Katuwang ng opisina sa pagbibigay ng iba’t ibang programa at aktibidad ang mga fakulti, kawani, estudyante, alumni, at non-teaching personnel ng KAPP. Sa halos anim na taon simula ng itatag ang opisina, marami-rami na rin ang nailunsad na programa na hanggang ngayon ay patuloy pa ring isinasagawa.


Hindi nagpatinag sa pandemya ang opisina at patuloy pa ring naghanap ng paraan upang maipagpatuloy ang serbisyo sa komunidad. Tulad ng ibang yunit, nagkaroon ng call for donations ang Kolehiyo, sa pangunguna ng OSLO-Pahinungod, para sa mga kasamahang apektado ng pandemya.

Nang magbukas ang Kanlungang Palma (isolation facility), nagpatuloy ang pagbibigay-tulong sa mga guwardiya at custodial worker. Araw-araw ay naghahanda ng libreng tanghalian ang OSLO-Pahinungod para ipamahagi sa mga naka-duty.

Tumutulong din ang Kolehiyo sa mga kasamahang may kapamilyang nagkasakit. Naibahagi rin ang mga nakuhang donasyon sa mga naging pasyente, nars, at doktor ng Kanlungang Palma.

Nagpatuloy ang proyektong ito noong bagyong Ulysses kung saan nangalap muli ng donasyon ang Kolehiyo upang matulungan ang mga kasamahan at mga estudyanteng nasalanta ng bagyo.





Pantawid para sa mga Naghahatid

Ang relief and recovery initiative para sa UP jeepney drivers, Pantawid para sa mga Naghahatid, ay nakapagbigay ng tulong-pinansyal sa anim na UP jeepney association of drivers na may kabuuang halagang P1,592,730, na nalikom mula Hulyo hanggang Setyembre 2020.

Nakatanggap din ng mobile tablets ang higit 100 pamilya para sa online classes ng kanilang mga anak mula sa Philippine Army Finance Center Producers Integrated Cooperative (PAFCPIC), UP Alumni Batch '77, at ilan pang UP alumni. Nagbigay din ng noche buena packages noong Pasko 2020.

Mula sa natitirang cash deposit simula Abril 2021 na nagkakahalaga ng P1,341,363.56, muling mamamahagi ng cash relief ang Pantawid para sa mga Naghahatid sa mahigit na 300 tsuper sa tulong ng College of Social Work and Community Development. Ang matitirang pondo naman ay gagamitin sa pagtataguyod ng alternatibo at mas matatag na kabuhayan para sa mga tsuper sa tulong ng Center for Community Transformation at PAFCPIC.

UP Ced REGALE Cluster

Ang Reading, Early Grades, Arts and Language Education (REGALE) cluster ng UP Kolehiyo ng Edukasyon (CED) ang lumikha ng “Diksyunaryong COVID-19 para sa Batang Pilipino.” Upang higit na maunawaan ng mga bata ang mga salitang maaaring madalas naririnig ngunit hindi gaanong naiintindihan, pinagsama-sama ang mga salitang magkakaugnay sa isa’t isa at maaaring sumagot sa mga piling tanong tungkol sa COVID-19.

Unang isinulat ang diksyunaryo sa Filipino at Ingles at ibinahagi sa Facebook, Instagram at website ng Ced upang maraming mga batang Pilipino, magulang, at guro ang maabot nito.

Nagkaroon ang diksyunaryo ng link sa Filipino sign language videos upang maiparating ito sa Deaf Community at naisalin din ito sa mga wikang Sinugbuanong Binisaya, Bikol, Kapampangan at Surigaonon.

Mayroon hands-on learning activities na magpapalalim sa pang-unawa ng mga bata sa mga konseptong konektado sa COVID-19. Nakabuo rin ng tatlong COVID-19 videos sa Filipino at tatlo sa Ingles, at COVID-19 e-book.

Naibahagi ang diksyunaryo sa mga website ng International Year of Indigenous Languages (Philippines), Reading Association of the Philippines, at Language on the Move, at isinama ito ng LGU vs COVID PH sa kanilang mga impormasyong mapagkukunan para sa Deaf Community. Inilunsad ang mga materyales noong “Philippine Board on Books for Young People’s National Children’s Book Day Celebration.”





UP Variates

Ang University of the Philippines Variates (UP Variates) ay isang sosyo-akademikong organisasyon ng UP Diliman Paaralan ng Estadistika (STAT).

Nakapagbigay ng tulong ang UP Variates sa mga benepisyaryo nito sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa mga organisasyong hangad tulungan ang mga nangangailangan ngayong pandemya. Ang ilan sa mga tulong na naibigay ay mga donasyong pinansiyal, load, at mga pangunahing pangangailangang ibinagi sa mga frontliner, mga nasalanta ng bagyo, mga estudyanteng hirap sa kasalukuyang set-up ng pag-aaral, mga kawani (partikular ang mga kawani ng STAT at Kolehiyo ng Inhenyeriya/COE), at iba pang mga sektor na lubusang nangangailangan ng tulong.

Naglunsad din ang organisasyon ng “Project FAM” upang mabigyang-suporta ang mga miyembro nito sa kanilang pag-aaral at pangangailangang pinansiyal.

Mula Marso hanggang Disyembre 2020, naipaabot ng UP Variates ang mga tulong sa mga indibidwal at mga komunidad sa pamamagitan ng 19 na partner ng organisasyon.

Ilan sa mga komunidad na napaglingkuran ng UP Variates ay ang mga health worker ng Philippine General Hospital; mga mag-aaral mula sa Sampaloc, Payatas at Smokey Mountain; ang Barangka Elementary School; ang CRIBS Foundation; mga residente ng UP Arboretum; mga manggagawa sa Melchor Hall at COE; mga frontliner sa iba’t ibang ospital; mga nasalanta ng bagyo sa Mindoro, Cagayan Valley at Bicol; mga mangingisda; mga nasunugan; at si Beth na manininda sa isang kiosk sa UP.

UP Beta Epsilon Fraternity

Bilang patunay sa kanilang adhikain na serbisyong panlipunan, ang UP Beta Epsilon Fraternity, sa pamamagitan ng “Maskipaps: Tulong sa PGH” at “Maskipaps: The Crossover 2020,” ay nakapagbigay ng 10,000 Class A coveralls para sa benepisyo ng mga healthcare worker ng Philippine General Hospital (PGH) at P80,000 para sa Philippine Genome Center (PGC) bilang tulong sa mga gawain nito upang masawata ang COVID-19.

Mula naman sa perang nalikom ng “2019 Maskipaps: The Crossover” ay nakapagbahagi ang Fraternity ng donasyong nagkakahalaga ng P270,000, o P2,000 kada isa, sa 135 personnel ng Kolehiyo ng Inhenyeriya. Karamihan sa mga nasabing personnel ay kontraktwal ang posisyon, kung kaya’t sila ay “no-work-no-pay” ang sitwasyon.

Sa panahon ng pandemya, matagumpay na naisulong ng UP Beta Epsilon ang limang proyekto upang makatulong sa publiko at mga frontliner sa laban kontra COVID-19: “Maskipaps: Tulong sa PGH,” “Maskipaps: The Crossover 2020,” “BE Assistance Fund to COE Personnel,” “Grand Pakain for Frontliners” at “Desktop Donation Drive”. Para sa “Maskipaps: Tulong sa PGH,” tinatayang 4,000 benepisyaryo ang naabutan ng tulong; nabahaginan naman ng “Grand Pakain for Frontliners” ng pagkain ang 1,000 benepisyaryo; at 40 mag-aaral at dormitoryo naman ang naging benepisyaryo ng “Desktop Donation Drive”.





UP CEd Student Council

Ang Konseho ng Mag-aaral ng Kolehiyo ng Edukasyon (CEd Student Council) ay nagsagawa ng isang webinar series mula Hulyo hanggang Agosto 2020, ang “Walang Iwanan: Education in the New Normal?”. Ang anim na webinar ang naging daan sa pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang sektor ng edukasyon katulad ng mga guro, mag-aaral, public officials, indigenous people (IPs), at persons with disabilities (PWDs).

Ang mga paksang natalakay ay ang kalagayan ng edukasyon, pagsusulong ng edukasyon ng mga lokal na pamahalaan, mga inisyatiba ng mga non-government organization, edukasyon para sa PWDs at IPs, kalusugang psychosocial ng mga sektor ng edukasyon, at ang muling pagtanaw (re-imagining) ng pag-aaral sa Pilipinas. Ang mga ito rin ang nagsilbing lunsaran ng donation drive ng CEd Student Council.

Ang donation drive ay naglalayong tumulong sa mga kabataan ng Taytay sa Lalawigan ng Rizal, Grain Foundation for PWDs, at mga estudyanteng naapektuhan ng pandemya. Sa kabuuan, nakalikom ng P103,000 ang donation drive na nakatulong sa 744 na bata sa Taytay, mahigit 100 katao mula sa Grain Foundation for PWDs, at 50 na mag-aaral mula sa CEd. Mula sa mga proyektong ito ay nagpapatuloy ang CEd Student Council sa paglulunsad ng dekalidad, aksesible, at inklusibong edukasyon sa ating bansa.

UP CHK Student Council

Marami sa mga custodian ng Kolehiyo ng Pantaong Kinetika (CHK) ang nawalan ng sahod o nagka-aberya ang sweldo noong nagsimula ang pandemya noong Marso 2020.

Sa pagtatapos ng Marso 2020, inilunsad ng CHK Student Council ang isang donation drive para sa mga custodian ng CHK at ito ay nakalikom ng P49,100 pagkalipas ng tatlong araw mula ng simulan ang fund drive. Ito ay ibinahagi noong Abril 2020. Sa pagtatapos ng Mayo 2020, nakalikom sila ng P102,951. Sa donation drive na ito, natulungan nila ang halos 50 custodians at vendors sa CHK.

Sumunod na inilunsad ang “Manong Tsuper, Ating Suklian” noong Hunyo 29, 2020 upang matulungan ang mga jeepney driver ng Ikot, Toki, Katipunan, Philcoa, Pantranco at SM North. Sa pakikipagtulungan ng UP Men’s and Women’s Volleyball Teams, UP Streetdance Club, UP Softball Team at ng UP Varsity Swimming Team, nakalikom ang CHK SC ng P40,000 sa unang dalawang linggo ng proyekto.

Sumunod ang “Plank and Push-UP Challenge.” Naibigay ang unang bugso ng donasyon sa mga jeepney driver at naipamahagi sa area ng Katipunan.

Ang huling inisyatiba ay ang “Jersey Raffle” na nakalikom ng halos P80,000 na ipinambili ng mga essential good para sa mga driver. Nagtapos ang donation drive noong Oktubre 2020.

Simula Hunyo hanggang Oktubre 2020, nakalikom ang CHK SC ng P198,053 para sa mga jeepney driver.





**UP Engineering
R&D Foundation, Inc.**

UP Engineering Research and Development Foundation Inc. (UPERDFI)

Ang UPERDFI ang umalalay sa Kolehiyo ng Inhenyeriya (COE) at naglaan ng halos P3-M upang maisakatuparan ang mga proyektong makakatulong sa panahon ng pandemya. Nagbigay-tulong ang UPERDFI sa mga estudyante sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga laptop upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa online classes.

Bilang tugon sa pangangailangan ng laptop at internet connectivity ng halos 1,700 estudyante ng COE, inilaan ng Kolehiyo ang P1.22-M na “unappropriated funds” mula sa isang fundraising event bilang pambili ng mga laptop at pagbibigay ng buwanang suporta sa internet connectivity. Sa dagdag na tulong ng mga miyembro nito, ang UPERDFI ay nakapagbigay ng kabuuang P1,282,500 para sa UPCOE Laptop Donation Drive. Naipamahagi ang hindi bababa sa 45 laptop. Samantala, nagbigay din ang BPI Foundation ng 12 tablet. Ginanap ang birtuwal na Turnover Ceremony noong Setyembre 21, 2020.

Nakalikom ang UPERDFI ng P3,773,260.47 noong Abril 14, 2020, o halos doble sa kanilang nilalayong halaga (target amount). Sinuportahan ng UPERDFI ang mga solusyong inhinyero ng Kolehiyo laban sa pandemya. Ang mga proyektong ito ay nakatulong sa mga komunidad sa loob at labas ng Unibersidad. Sa 13 proyekto na sinuportahan ng UPERDFI, lima ang naging prayoridad na mga proyekto.


UP Health Service

Ang UP Health Service (UPHS) ang walang pagod na nagsaayos ng sistema ng testing at contract tracing ng COVID-19 para sa komunidad ng UP Diliman (UPD). Ito rin ang walang humpay na nagsumikap na mabigyang-lunas ang mga nagkakasakit ng COVID-19 na mga residente ng UPD campus, mga empleyado ng UP at mga residente ng mga karatig-pook ng UPD campus, bukod pa sa halos 24 oras na pagbibigay payo sa mga health liaison officers at health committee ng bawat kolehiyo patungkol sa health protocols, pati teleconsultations at emergencies.

Sa pakikipagtulungan sa Quezon City Health Department (QCHD), mga ahensiya ng gobyerno, at mga pribadong organisasyon, napangasiwaan ng UPHS na magkaroon ang UPD ng mga isolation facility para sa mga sektor ng komunidad ng UPD na hindi kayang mag-self-isolate sa kanilang bahay. Nabuksan ang Kanlungang Palma noong Mayo 2020, ang Silungang Molave (SiM) noong Agosto 2020, at ang Kamia Isolation Facility (Kamia) nitong Abril 2021. Sa kasalukuyan, ang SiM at Kamia na lang ang nananatiling bukas na isolation facilities sa UPD campus.

Pinangangasiwaan din ng UPHS ang kasalukuyang isinisagawang pagbabakuna laban sa COVID-19 na ginagawa sa UP College of Human Kinetics Gymnasium. Katulong nila ang QCHD at ang pamunuan ng UPD.





UP STAT Student Council

Ang Konseho ng Mag-aaral ng Paaralan ng Estadistika (STAT Student Council) ang naglunsad ng AssiSTAT, isang College-wide donation drive na naglayong matulungan ang mga nangangailangang kasapi ng komunidad ng STAT, sila man ay mag-aaral, kawani o guro. Kasama sa layunin nito ang magpaabot ng tulong pinansyal at magbigay ng iba pang suporta tulad ng mobile load, pocket WiFi, school supplies at iba pa.

Sa mga panahong dumaan ang bansa sa sunod-sunod na bagyo, agaran na nagbigay ng tulong-pinansyal ang AssiSTAT sa maraming estudyante upang makabangon silang muli mula sa kalamidad. Ang iba naman ay pinagkalooban ng AssiSTAT ng tulong-pinansyal upang magamit sa pangangailangan ng kasalukuyang remote set-up na pag-aaral.

Mula Marso hanggang Disyembre 2020, natulungan ng AssiSTAT ang 14 na indibidwal mula sa STAT at nakapagbigay ng donasyon na may kabuuang halagang P19,250.

UPD Ugnayan ng Pahinungod

Bilang tugon sa mga isyung psychosocial dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, sinimulan ng UP Diliman (UPD) Ugnayan ng Pahinungod (Pahinungod) ang Psychosocial Support Program (PSP) noong Marso 2020. Nilalayan nitong magbigay ng psychological first aid (PFA) at magturo ng self-care sa komunidad ng UPD at magtala ng referral system para sa mga nangangailangan ng mas tiyak o specialized services para sa mental health o pangkaisipang kalusugan.

Naglunsad din ng tatlong trainings ang Pahinungod upang makapagsanay ng 88 Peer Support Volunteers. Nilalayan ng PSP na makabuo ng Peer Support Groups sa iba't ibang kolehiyo at opisina sa UPD upang mapalakas ang mental health care sa Unibersidad.

Nagsimulang magpalaganap ang Pahinungod ng impormasyon ukol sa self-care at suportang psychosocial, impormasyon ukol sa COVID-19, at mga panawagan ng donasyon sa Facebook page nito noong Marso 2020. Mula Marso hanggang Disyembre 2020, naabot ng Pahinungod ang halos 174,000 Facebook users.

Noong Mayo 2020, nailunsad ang libreng online psychosocial peer support service at nakapagbigay ng PFA sa 73 support seekers mula Mayo hanggang Disyembre 2020. Nagdaos din ang Pahinungod ng orientation-workshop para sa PFA sa komunidad at mga organisasyon sa UPD.

Patuloy ang pagtugon ng Pahinungod sa mga krisis dulot ng pandemya at sa pagsulong ng mga karapatan sa pangkaisipang kalusugan.



USC IskoOps

Ang IskoOps ay inisyatiba ng University Student Council (USC) ng UP Diliman (UPD) na naglalayong tumulong sa mga sektor sa loob at labas ng Unibersidad na naapektuhan ng mga kalamidad.

Nagsimula ang IskoOps noong Agosto 2019 nang nagbigay-tulong ang USC sa mga napinsala ng lindol sa Batanes. Nagsagawa rin ang IskoOps ng COVID-19 Response (Marso - Mayo 2020) at #RollyPH at #UlyssesPH (Nobyembre 2020 – Enero 2021) para sa mga nasalanta ng mga bagyong Rolly at Ulysses.

Sa panahon ng COVID-19, ginamit ng IskoOps ang iba't ibang digital platforms tulad ng GoGetFunding, Facebook, online banking, GCash at PayPal. Nakalikom ang IskoOps ng P1,326,247.07 na pinanggawa ng mahigit 8,000 relief packs

na ibinahagi sa loob at labas ng UPD sa loob ng dalawang buwan. Ang in-kind donations ay ibinahagi sa mga stranded dormer, habang ang mga nakolektang pondo ay ipinambili ng mga pangunahing pangangailangan para sa komunidad.

Ang IskoOps Relief Drive ay umabot sa Rodriguez, Rizal (residential areas); Marikina (jeepney drivers association, barangays); Polangui, Legazpi, Libon at Tabaco sa Albay (mga sitio); mga komunidad ng Dumagat sa lalawigan ng Rizal; at mga komunidad at coastal areas sa Cagayan Valley.

Nakalikom ng P1,835,987.60 mula sa GCash, PayPal, PayMaya, BPI at BDO. Ang pondong ito, kasama ng ibang in-kind donations, ay nakabuo ng 6,822 relief packs. Ang inisyatiba ay umani din ng suporta ng mga volunteer manpower.



IskoOps: COVID-19

IskoOps is an initiative of the University Student Council of UP Diliman that seeks to help sectors and stakeholders affected by adversity within and outside the university. Donation drives and relief operations are among its common ways to help affected communities.

Due to the COVID-19 pandemic, the national government has placed the entire Luzon on enhanced community quarantine. Without safety nets and provisions for those who are most affected, they are the most vulnerable in our current situation.

At a time when our government and institutions neglect the needs of the masses, it is important for the youth and community to take action and help those who are affected.

#SolusyongMedikalHindiMilitar

